タガログ語

Kalendaryo para sa Ibinukod na Basura

- Ilagay ang mga nasusunog na basura, hindi nasusunog na basura, at mga plastik na lalagyan at pambalot sa itinalaga ng Lungsod ng Inazawa na supot para sa basura, at saka itapon.
- Itapon ang basura sa tambakang itinakda sa inyong pook, at huwag na huwag magtapon sa ibang distrito. Hanggang 5 supot lamang para sa isang sambahayan.
- Itapon ang basura sa umaga ng araw ng pagkokolekta. Sunod-sunod na kokolektahin mula 8:30 am.
- Didikitan ng sticker ng babala at iiwan ang basurang labag sa patakaran. Sundin ang mga patakaran sa pagbubukod.
- Kung naiwan ang itinapon ninyong basura, gawin ang wastong pagbubukod at saka ito itapon muli.
- Butasan at itapon bilang recycleable ang mga spray can at gas cartridge na ubos na ang laman.
- Hindi magkokolekta sa Disyembre 29-Enero 3 liban sa bukod-tanging araw ng pagkokolekta.

Sticker ng babala

Itinalaga ng Lungsod ng Inazawa na supot para sa basura

Bumili ng ganito sa tindahang malapit sa inyo.

Magtanong sa

©Lungsod ng Inazawa Inappy

Dibisyon ng mga Hakbang para sa Resources (sa loob ng Kankyō Center, Lungsod ng Inazawa)
☎0587-36-0135

Distrito / Uri para sa Pagbubukod	Inazawa Community Center	Koshō Community Center	Orizu Community Center	Meiji Community Center	Chiyoda Community Center
Nasusunog na basura	Martes at Biyernes	Lunes at Huwebes	Martes at Biyernes	Martes at Biyernes	Martes at Biyernes
Hindi nasusunog na basura	Una at ika-3 Miyerkules	Ika-2 at ika-4 na Miyerkules	Ika-2 at ika-4 na Miyerkules	Una at ika-3 Huwebes	Ika-2 at ika-4 na Huwebes
Mga plastik na lalagyan at pambalot	Lunes	Biyernes	Huwebes	Miyerkules	Miyerkules
Malalaking basura * May bayad at by appointment	Biyernes	Lunes	Miyerkules	Lunes	Lunes

Ōsato Nishi Community Center	Ōsato Higashi Community Center	Sobue Branch Office Distritong pam-paaralan ng Yamazaki, Ryōnai at Marukō	Sobue Branch Office Distritong pam-paaralan ng Sobue, Makigawa at Nagaoka	Heiwa Branch Office Kanluran ng Route 155	Heiwa Branch Office Silangan ng Route 155
Lunes at Huwebes	Lunes at Huwebes	Lunes at Huwebes	Martes at Biyernes	Lunes at Huwebes	Martes at Biyernes
Ika-2 at ika-4 na Miyerkules	Una at ika-3 Miyerkules	Una at ika-3 Miyerkules	Ika-2 at ika-4 na Miyerkules	Una at ika-3 Miyerkules	Ika-2 at ika-4 na Miyerkules
Martes	Martes	Martes	Huwebes	Biyernes	Lunes
Miyerkules	Miyerkules	Biyernes	Biyernes	Lunes	Lunes

Recyclables

Huwag itapon bilang basura, kundi itapon ayon sa sumusunod na paraan ang mga recyclables na nakasulat sa likuran tulad ng mga papel, tela, bote, metal (mga steel can, maliit na bakal, aluminum can), PET bottle at iba pa.

Administratibong distrito

1 beses sa isang buwan kinokolekta

Oras:
Mula 7:30 am hanggang 8:30 am sa araw ng pagkokolekta
Lugar:
Tambakan ng recyclables na itinakda sa administrat-ibong distrito

Pampook na estasyon

Isinasagawa sa itinalagang Linggo

Oras:
Mula 8:30 am hanggang 12:00 ng tanghali sa itinalagang Linggo
Lugar:
Paradahan ng city hall, branch office, community center atbp.

Pagdadala sa Kankyō Center

Permanenteng pasilidad

Oras:
Mula 8:30 am hanggang 5:15 pm sa weekday mula Lunes hanggang Biyernes
Lugar:
Gusali ng tanggapan ng Kankyō Center, Lungsod ng Inazawa
74 Nakano-Kawabata-chō, Inazawa-shi

*Magtanong sa Dibisyon ng mga Hakbang para sa Resources (☎0587-36-0135) tungkol sa araw at lugar ng pagkokolekta o pagtanggap.

Pagdadala sa Kankyō Center

Magtanong sa

Dibisyon ng mga Pasilidad para sa Kapaligiran (sa loob ng Kankyō Center, Lungsod ng Inazawa)
☎0587-36-4357

- Siguraduhing ipagbukod-bukod ang nasusunog na basura, hindi nasusunog na basura, at malalaking basura bago dalhin sa center.
- Ilagay sa 45 litro o mas maliit pang clear na supot para sa basura, o sa itinalagang supot para sa basura ang nasusunog na basura at hindi nasusunog na basura, at dalhin ninyo mismo sa center.
- Hindi maaaring dalhin sa center ang mga "bagay na sakop sa Batas hinggil sa Pagrerecycle ng mga Home Appliance," "basurang hindi kinokolekta sa lungsod," at "plastik na lalagyan at pambalot," o basurang inilagay sa kartong kahon (dambōru).

*Para sa mga detalye, basahin ang "Diksiyonaryo ng Resources at Pagbubukod ng Basura" (Pagdadala sa Kankyō Center).

- Lokasyon: 74 Nakano-Kawabata-chō, Inazawa-shi
- Araw ng Pagtanggap: Mga oras sa umaga at sa hapon sa weekday
- Oras ng Pagtanggap
  - Oras sa umaga 8:45-11:45 am
  - Oras sa hapon 1:00-4:30 pm
- Bayad para sa pagproproseso
  200 yen kada 10 kilo
  *as of 2022





- Dahil hindi kinokolekta ang mga basurang kaugnay sa negosyo (pangkalahatang basura ng mga negosyo tulad ng kainan, opisina at iba pa), ipakolekta ito sa kumpanyang pinahintulutan ng lungsod para magproseso ng pangkalahatang basura, o direktang dalhin sa Kankyō Center. (Ipagbukod-bukod at gumamit ng 45-litro o mas maliit pang clear na supot para sa basura.) Hindi maaaring dalhin ang industriyal na basura.